

# BUONG-ARAW NA KINDERGARTEN

## Isang Tanong at Sagot na Patnubay para sa Mga Magulang

**Ang pagsisimula ng buong-araw na kindergarten ay isang kawili-wiling bagong hakbang para sa iyong anak at para sa iyo. Ang patnubay na ito ay magkakaloob sa iyo ng ilang mga detalye tungkol sa buong-araw na kindergarten at sasagutin ang ilang mga tanong mo tungkol sa kung paano ito gumagana at paano ito tutulong sa iyong anak.**

### Ano ang buong-araw na kindergarten?

Ang buong-araw na kindergarten ay makukuha ng lahat ng apat- at limang-taong gulang sa mga paaralang pinopondohan ng publiko ng Ontario.

Ang buong-araw na kindergarten ay nag-aalay ng:

- Isang dalawang-taong programang idinisenyo upang lumikha ng isang matatag na pundasyon para sa pag-aaral na nagtataguyod ng lahat ng lugar ng pag-unlad ng isang bata.
- Isang kapaligiran na sumusuporta sa pag-aaral sa pamamagitan ng mga relashon, laro, pagsubok at pagtatanong.
- Mga programa bago at pagkaraan ng mga oras ng paaralan na idinisenyo upang suportahan ang regular na araw ng paaralan. Ang mga ito ay opsiyonal at iniaalay sa mga magulang para sa isang makatwirang bayad. Ang pinansiyal na tulong ay makukuha ng mga pamilyang kuwalipikado. Ang mga lupon ng paaralan ay mag-aalay ng mga programa bago at pagkaraan ng mga oras ng paaralan batay sa hinihingi ng magulang.

### Paano makikinabang ang aking anak?

Sa masalimuot na mundo ngayon, ang edukasyon sa mas mahalaga para sa ating mga bata. Ang buong-araw na kindergarten ay idinisenyo upang magbigay sa iyong anak na isang mas malakas na simula sa paaralan at sa buhay. Ito ay bahagi ng plano ng Ontario na suportahan ang maagang pag-aaral at pag-unlad ng bata, magtayo ng isang mas malakas na sistema ng pag-aaral na pinopondohan ng publiko at tumutulong sa pangmatagalang kalamangan sa pakikipagkumpitensiyang pangkabuhayan ng Ontario.





Ang buong-araw na kindergarten ay opsiyonal para sa mga batang apat na taong gulang at limang taong gulang. Gayunman, ang pananaliksik ay nagpapakita na ang mga batang lumalahok sa buong-araw na mga programa sa maagang pag-aaral – tulad ng buong-araw na kindergarten – ay tumatanggap ng mas malakas na pagsisimula sa paaralan at buhay.

Sa buong-araw na kindergarten, ang iyong anak ay makikinabang mula sa:

### *Isang mas malakas na pagsisimula sa paaralan*

Ang lahat ng bata ay pumapasok sa paaralan na may kakayahan, may kahusayan at nakahandag matuto. Ang isang buong araw na pag-aaral nang maaga sa buhay ay nakakatulong na pabutihin ang kasanayan ng iyong anak sa pagbabasa, pagsusulat at matematika at nagkakaloob ng matatag na pundasyon para sa pag-aaral sa hinaharap. Ginagawa rin nito ang paglipat sa Grado 1 na mas madali para sa iyo at sa iyong anak.

Ang maagang mga karanasan ng mga bata ay napakahalaga. Ang mga karanasan ay may potensiyal na magpabuti sa kabuuang kalusugan at kapakanan ng mga bata sa buong buhay nila. Kapag ang mga bata ay nakadarama ng pakiramdam na sila ay kasama at kalahok sila ay nahihimok na matuto at nasasabik na maging bahagi ng karanasan sa paaralan.

### *Mas maraming oras sa mga kaklase para bumuo ng mga relasyon*

Sa regular na araw ng paaralan, ang iyong anak ay makikinabang mula sa pagkakaroon ng kakayahan na makisalamuha sa ibang mga bata at mga edukador. Ito ay tumutulong sa iyong anak na bumuo ng kasanayang panlipunan at pandamdamin na kailangan para magtagumpay sa hinaharap sa paaralan at higit pa. Ang paglahok sa mga programa bago at pagkaraan ng mga oras ng paaralan ay magbibigay sa iyong anak ng mas maraming karanasang kasama ng ibang mga bata sa isang pamilyar na kapaligiran.

## Sino ang susuporta sa pag-aaral ng aking anak?

Ang mga guro at mga edukador ng maagang bahagi ng pagkabata ay magtatrabahong magkakasama upang tulungan ang iyong anak na matuto sa araw ng paaralan. Sila ay magpapatupad ng isang maingat na inihandang programa na mapanghamon at nakaukol sa antas ng pag-unlad ng bawat bata. Sila ay tutugon sa mga ideya at interes ng iyong anak upang hamunin at palawigin ang pag-aaral na nangyayari sa araw.

Ang guro at mga edukador ng maagang bahagi ng pagkabata ay maaaring magtrabaho sa magkakaibang kapaligiran sa pag-aaral sa magkakaibang grupo ng mga bata sa buong araw. Gayunman, sa pagtatrabahong magkakasama bilang isang pangkat sila ay susuporta sa pag-aaral at pag-unlad ng inyong anak. Ang iyong anak ay makikinabang mula sa mga kabagay na kasanayan at karanasan na dinadala sa programa ng mga edukador at guro ng maagang bahagi ng pagkabata.

## Ano ang matututuhan at gagawin ng aking anak sa regular na araw ng paaralan?

Ang iyong anak ay lalahok sa maraming magkakaibang uri ng mga oportunidad sa pag-aaral na idinisenyo upang tulungan ang mga batang nag-aaral na sumubok, tumuklas at umunlad.

Ang pananaliksik ay nagpapakita na may isang matatag na tagapag-ugnay sa pagitan ng nakabatay-sa-laro at pagtatanong na pag-aaral para sa mga bata, lalo na sa mga lugar ng paglutas ng problema, kasanayan sa wika pagbabasa at pagsusulat, matematika, at kasanayan na panlipunan, pangkatawan at pandamdamin. Ito ay tutulong sa iyong anak na mag-isip nang malikhain, sumubok at mag-imbistiga, lumutas ng mga problema at ibahagi sa iba ang kaalaman.



Ang mga guro at edukador ng maagang bahagi ng pagkabata sa buong-araw na mga klase sa kindergarten ay papatnubayan ng dokumento ng Programa sa Kindergarten ng 2016. Ito ay idinisenyo upang tulungan ang iyong anak na bumuo ng panlipunan, pandamdamin, panglikha, pang-unawa at pisikal na mga kasanayan na nagkakaloob ng pundasyon ng tagumpay sa paaralan sa buong buhay.

## MGA HALIMBAWA NG PAG-AARAL SA PAMAMAGITAN NG LARO

***Pagsubok at imbestigasyon:***
Ang ilang mga bata ay nagdidisenyo ng maliliit na Bangka at saka dadalhin ang mga ito sa sentro ng tubig. Inilalagay ng bawat bata ang kanilang Bangka sa tubig at saka maglalagay ng isang kabibi nang isa'isa sa Bangka. Ang ibang bata ay tutulong na subaybayan ang bilang ng mga kabibi gamit ang isang medaling pagbilang. Ang guro o edukador ng maagang bahagi ng pagkabata ay magsasabi sa mga bata na alamin kung aling Bangka ang nagkarga ng pinakaramihang kabibi bago ito lumubog at isipin ang tungkol sa kung ano ang pagkakaiba nito sa ibang mga bangka.

***Malikhaing pag-iisip:***
Ang isang maliit na grupo ng mga bata ay gagawa ng ilang mga pagtatangka na bumuo ng isang tore na kasintaas ng pinakamataas sa kanila. Sa pamamagitan ng pagsubok at pagkakamali, natutuklasan nila kung gagawin nila ang ilalim ng tore na mas malapad makagagawa nila na maging mas mataas ito. Sila ay gumuguhit ng larawan ng tapos na produkto at tinatatakan ang mga larawan upang ipakita ang kanilang solusyon:

***Pag-oobserba at pagkatuto:***
Pagkatapos gumawa ng kainan ng ibon mula sa mga niresaykel na materyal, ang mga ito ay ilalagay ng mga bata sa punongkahoy na nasa labas ng bintana ng kanilang silid-aralan. Sila ay nagmamasid at nagtatala ng aktibidad na nagaganap sa bawat kainan. Sa tulong mula sa guro at edukador ng maagang bahagi ng pagkabata, at batay sa kanilang sariling mga obserbasyon, ang ilan sa mga bata ay gumagawa ng mga pagbabago sa kanilang kainan ng ibon at ibinabalik ang mga ito sa labas upang obserbahan ang epekto ng mga pagbabago sa aktibidad ng ibon.

## Ano ang matututuhan at gagawin ng aking anak bago at pagkatapos ng paaralan?

Sa taon ng paaralan, ang ilang mga paaralan ay mag-aalay na pinagsamang bago- at pagkatapos-ng-paaralan na programa kung may sapat na bilang ng mga magulang na interesado. Ang programang ito ay tutulong sa mangyayari sa regular na araw ng paaralan.

Kapag may sapat na paghingi mula sa mga magulang at ang lupon ay may kapasidad, ang ilang mga lupon ng paaralan ay maaaring magpalawig sa programa sa ibang mga panahon ng taon, kabilang ang pahinga sa tag-araw at Marso. Maaari rin nilang ialay ang programa sa mga batang mula sa anim hanggang 12 taong gulang.

Ang mga programa ay opsiyonal at iniaalay sa isang makatwirang bayad na itinakda ng lupon ng paaralan. Magtanong sa iyong lokal na punongn-guro  o lupon para sa mga karagdagang detalye. Ang mga tulong ay makukuha ng ilang pamilya, batay sa pinansiyal na pangangailangan, sa pamamagitan ng munisipalidad.



## Paano ako makakalahok?

Ang iyong paglahok sa pag-aaral ng iyong anak ay mahalaga sa bawat yugto ng kanyang edukasyon. Narito ang ilang paraan na makakatulong ka ka sa iyong anak makuha ang pinakamarami sa buong-araw na kindergarten:

- Kausapin ang guro at mga edukador ng maagang bahagi ng pagkabata at itanong kung paano ka makakasuporta sa pag-aaral ng iyong anak sa bahay; halimbawa, sa pamamagitan ng pagbabasa sa iyong anak, pakikipaglaro sa iyong anak, at pagkakaroon ng kasiyahan sa panloob at panlabas na mga karanasan nang magkasama.
- Magpakita ng interes sa pag-aaral ng iyong anak, sa paggawa sa paaralan at pag-aaral na isang mahalagang bahagi ng pag-uusap ng pamilya. Matatanong mo rin ang iyong anak kung ano ang kanyang natututuhan o ginawa. Halimbawa:
    - Sa ano ang sinubukan ninyo ngayon sa kindergarten? Ano ang pinakamahusay na lugar para gawin ito? Nakatuklas ba kayo ng bago o humarap sa anumang mga hamon/problema?
    - Ikaw ba ay nasa loob o nasa labas? Anu-anong mga bagay ang gumait mo upang maglaro upang makatulong sa iyo na sumubok?
    - Mayroon ka bang mga plano na ipagpapatuloy mong gawin bukas? Mayroon ba kaming magagawa sa bahay upang matulungan ka?
    - Saan ka sumubok/naglaro ngayon (halimbawa: mga lugar ng bloke, buhangin at tubig, aklatan o dramatiko, malikhaing laro, sa labas)? Ano ang ginawa mo doon?
    - Mayroon kang mga espesyal na bisita ngayon. Sinu-sino sila? Ano ang sinabi nila sa iyong klase? Ano ang dinala nila?
    - Nakita ko ang larawang inilagay mo sa bulletin board sa iyong silid-aralan. Sabihin mo sa akin kung paano mo ginawa ito. Paano mo ipinasiya kung ano ang iguguhit? Anu-anong mga materyal ang ginamit mo?
- Bisitahin ang paaralan ng iyong anak. Dumalo sa mga pulong na pang-impormasyon at ibang mga ginaganap na inorganisa para sa mga magulang at mga pamilya.
- Kausapin ang guro o edukador ng maagang bahagi ng pagkabata ng iyong anak tungkol sa mga karanasan sa pag-aaral ng iyong anak sa bahay at sa paaralan.

## Mayroon ka bang mga karagdagang katanungan?

**Magtanong sa punong-guro ng inyong paaralan** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa buong-araw na kindergarten sa inyong paaralan.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa buong-araw na kinderten at makita ang isang listahan ng mga paaralan, bisitahin ang **ontario.ca/kindergarten**

Tumawag sa **1-800-387-5514** na walang-bayad sa Ontario at **(416) 325-2929** mula sa labas ng Ontario para sa impormasyon sa English at French.

Kunin ang polyetong ito at karagdagang impormasyon para sa magulang sa maraming wika sa **ontario.ca/EDUparents**



ISBN 978-1-4606-1299-6 (PDF) (Tagalog) © Queen's Printer for Ontario, 2016